



kalagayan at karapatan ng kababaihan: CEDAW primer

CEDAW | convention on the elimination of
all forms of discrimination against women

NCRFW | UNIFEM | CIDA

Original CEDAW brief in English
written by
Olivia H. Tripon

Translated by
Ma. Aurora R. Fajardo

Cover design by
Women's Feature Service (WFS)

Published by

National Commission on the
Role of Filipino Women (NCRFW)

UNIFEM CEDAW
South East Asia Program-Philippines

With support from the

Canadian International
Development Agency (CIDA)

Printed in the Philippines
March 2006

ANO ANG CEDAW?

Ang CEDAW ay ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women. Karaniwang nilalarawan bilang International Bill for Women, kilala din ito bilang “The Women’s Convention” o ang United Nations Treaty for the Rights of Women. Ito ang kauna-unahan at tanging internasyunal na kasunduan na kumprehensibong tumatalakay sa karapatan ng kababaihan hindi lamang sa sibil at pulitikal na larangan, kundi gayundin sa aspetong kultural, pang-ekonomiya, panlipunan at pampamilya.

Inaprubahan ng United Nations General Assembly ang CEDAW noong 18 Disyembre 1979 noong UN Decade for Women. Pumirma ang Pilipinas sa CEDAW noong 15 Hulyo 1980, at niratipika niya ito noong 5 Agosto 1981.

Kasunod sa Convention of the Rights of the Child, ang CEDAW ang pangalawang kasunduan na may pinakamaraming bansang nagratipika, umaabot na sa 180 bansa mula sa 191 signatories o State parties noong Marso 2005. Unang ipinatupad ang kasunduan noong 3 Setyembre 1981 o 25 taon na ang nakakaraan ngayong 2006, pero kaunti pa lang ang nakakaalam dito.

BAKIT MAY HIWALAY PANG BILL OF RIGHTS PARA SA KABABAIHAN?

Ayon sa paunang salita ng CEDAW, ang patuloy na diskriminasyon laban sa kababaihan ay patunay lamang na hindi sapat ang mga internasyunal na makinarya sa karapatang pantao na ipagtanggol ang karapatang pantao ng babae. “Ang diskriminasyon laban sa kababaihan ay malinaw na paglabag sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at paggalang sa karapatang pantao” na siyang kumikitil sa partisipasyon ng babae, kapantay sa lalaki, sa lahat ng larangan ng kaunlaran at kapayapaan.

ANO ANG EPEKTO NG PAGPIRMA AT PAGRATIPIKA NG PILIPINAS SA CEDAW?

Bilang State party sa CEDAW, kinikilala ng Pilipinas na laganap pa rin ang diskriminasyon at di-pagkakapantay-pantay sa karapatan ng babae, at may tungkulin ang Estado na resolbahan ito. May tungkulin ang State parties na igoalang, ipagtanggol at itaguyod ang karapatan ng kababaihan.

Ang mga State parties ay inaasahang:

1. Ipawalang-bisa ang lahat ng batas at mga nakagawiang nagdidiskrimina.
2. Ipatupad ang lahat ng patakaran para wakasan ang diskriminasyon at maglagay ng mga epektibong mekanismo at sistema kung saan pwedeng humingi ng hustisya ang babae sa paglabag ng kanilang karapatan.
3. Itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng iba’t ibang hakbang, kondisyon at karampatang aksyon.
4. Gumawa ng pambansang ulat kada apat (4) na taon tungkol sa mga isinagawang hakbang para matupad ang mga tungkulin sa kasunduan.

SINO ANG NANINIGURONG GINAGAWA NG STATE PARTIES ANG TUNGKULIN NILA?

Binuo ng United Nations ang 23-kataong CEDAW Committee, na inihalal ng State Parties para magsuri ng mga ulat at magbigay ng mga rekomendasyong gagawin ng State Parties at isasama sa ulat sa susunod na panahon. Ayon sa Article 21 ng CEDAW Convention, ang Committee ay may kapangyarihang magsagawa ng pangkalahatang rekomendasyon o mga opisyal na interpretasyon ng mga probisyon ng CEDAW Convention na may kaugnayan sa karapatan ng kababaihan at responsibilidad ng Estado.

Ang CEDAW Committee ay nagpupulong dalawang (2) beses sa isang taon sa New York at pinag-aaralan ang mga ulat ng mga bansa sa loob ng dalawang (2) linggo tuwing Enero at Hulyo habang naririyang ang mga kinatawan ng bansa at mga non-government organizations, na nagbibigay ng “shadow” o alternatibong ulat.

ANO ANG DISKRIMINASYON LABAN SA KABABAIHAN?

Ang diskriminasyon laban sa kababaihan ay ang anumang pag-uuri, eksklusyon o restriksyon batay sa kasarian na naglalayon o nagreresulta sa hindi pagkilala, pagtamasa o paggamit ng mga babae ng kanilang karapatang pantao o batayang kalayaan sa pulitikal, pang-ekonomiya, panlipunan, pangkultura, sibil o anumang larangan, may asawa man o wala, batay sa pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae. (CEDAW, Article 1)

PAANO NILALAYON NG CEDAW NA WAKASAN ANG DISKRIMINASYON SA KABABAIHAN?

1. Nilalayan nitong itaguyod ng tunay na pagkakapantay-pantay sa kababaihan. Inaatasan ang mga Estado na magdala ng konkretong resulta sa buhay ng kababaihan.
2. Kasama dito ang prinsipyo ng obligasyon ng Estado. Ibig sabihin, may mga responsibilidad ang Estado sa kababaihan na kailanma’y hindi nito pwedeng bawiin.
3. Ipinagbabawal nito ang lahat ng aksyon o patakarang umaagrabyado sa kababaihan, sa anumang layunin ng mga ito.
4. Inaatasan nito ang mga State Parties na sugpuin ang anumang paglabag sa karapatan ng kababaihan hindi lamang ng mga institusyon at opisyal sa gobyerno, kundi gayundin ng mga pribadong indibidwal o grupo.
5. Kinikilala nito ang kapangyarihan ng kultura at tradisyon sa pagpigil ng karapatan ng babae, at hinahamon nito ang State parties na baguhin ang mga stereotype, kostumbre at mga gawi na nagdidiskrimina sa babae.

SAAN SA PILIPINAS KARANIWANG MAY DISKRIMINASYON AT PAANO ITO SUGPUIN NG CEDAW?

TRABAHO

Patuloy pa ring mababa ang labor force participation rate (LFPR) ng babae kaysa lalaki nitong nakaraang 10 taon. Mula 1995 hanggang 2004, 50% lang ang LFPR ng babae kumpara sa 80% ng lalaki. (Datos mula sa October Rounds of the Labor Force Survey, NSO)

Laganap pa rin ang pagbibigay ng trabaho ayon sa kasarian o pananaw na trabaho ng babae at lalaki. Ayon sa datos noong 2004, mas marami pa rin ang mga babae sa mga trabahong tinuturing na karagdagan sa kanilang papel sa bahay katulad ng pangangasiwa ng opisina at serbisyong propesyunal, samantalang karamihan sa lalaki ay nasa malalaking industriya. (LFS NSO)

Karamihan sa mga Pilipinong lalaki ay swelduhan o may sariling negosyo, samantalang karamihan sa Pilipinong babae at hindi binabayaran sa trabahong ginagampan nila sa pamilya. Noong 2004, 56% ng mga nagtatrabaho sa pamilya nang walang bayad ay babae, samantalang 64% ng swelduhang manggagawa at 67% ng mga mangagawang may sariling negosyo ay mga lalaki. Sa mga nagtatrabahong babae, 50% ay swelduhan, 33% ay may sariling negosyo o self-employed, at 17% ay hindi binabayaran sa trabahong ginagampan nila sa pamilya. (NSO)

Halos pantay ang bilang ng babae at lalaki na nagtatrabaho sa ibang bansa, pero iba ang kontekto ng kanilang partisipasyon. Noong 2004, 51% ng buong populasyon ng overseas Filipino workers (OFW) ay babae, pero ang buwanang pinapadala nila sa kanilang pamilya ay 57% lamang sa karaniwang PHP 74,267 na ipinapadala ng lalaki. Ito ay dahil karaniwang mababa ang sweldo ng babae at hindi sila protektado sa trabaho. Ayon sa 2004 survey, mahigit kalahati (55.8%) ng babaeng nagtatrabaho sa ibang bansa ay mga laborer o unskilled workers, samantalang 27.7% ng lalaki ay nasa kalakalan at kaparehong trabaho, habang 26.9% naman ay nagtatrabaho sa planta o nagpapatakbo ng makina. (2004 Survey on Overseas Filipinos, NSO).

Sinisiguro ng Article 11 ng CEDAW ang mga sumusunod na karapatan ng kababaihan:

1. Magkaroon ng pantay na karapatan sa trabaho, benepisyo, pag-unlad at pag-sasanay.
2. Makatanggap ng sapat na bayad batay sa kanilang trabaho.
3. Magkaroon ng proteksyon sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho.
4. Sapat na pahinga pagkapanganak at makatanggap ng iba pang katulad na serbisyo, nang hindi sila mawawalan ng trabaho dahil sa pagbubuntis o pag-aasawa.

Protektado rin ang mga OFW sa ilalim ng UN Convention on the Proteccion of the Rights of All Migrants and Members of Their Families at ng Magna Carta for Overseas Filipinos o ang RA 8042, na nagtataguyod din ng karapatan ng mga hindi dokumentadong OFWs. Pinalawak din ng Magna Carta ang kahulugan ng mga illegal recruiter na maaring kasama pati ang mga kamag-anak na nambiktima sa mga OFW.

Walang proteksyon o benepisyo ang mga babae sa impormal na sektor, at karaniwang hindi binibilang ang kanilang malaking ambag sa ekonomiya ng bansa. Ilan sa mga batas na nagpoprotekta sa kababaihan sa trabaho ay:

1. RA 6972 o Day Care Law
2. Paternity Leave
3. Mga batas na sumasakop sa impormal na sektor
4. RA 7882, na naglalayong magpautang sa mga babaeng may maliliit na negosyo.
5. RA 8289 o ang Magna Carta for Small Enterprises
6. RA 8425 na ginagamit ang microfinance bilang pangunahing paraan para maibsan ang kahirapan. Sa pagtatapos ng 2003, may isang milyong tagapangutang – karamihan ay babae – ang nakahiram ng kapital mula sa iba't ibang grupong microfinance para sa kanilang negosyo.

Pangkalahatang Rekomendasyon ng CEDAW

1. No. 13 – ibigay ang parehong bayad para sa parehong trabaho at halaga nito
2. No. 16 – iulat ang sitwasyon ng mga manggagawang babaeng hindi binabayaran, at kumilos para masigurado ang pagbabayad at pagbibigay ng karampang-benepisyo sa kanila.
3. No. 17 – Pagsukat at pagbibilang sa mga trabaho ng babae sa bahay nang walang bayad, at pagpapahalaga ng kontribusyong ito sa gross national product.

PULITIKA AT PANUNUNGKULAN

Wala pa sa 17 porsyento ang mga babaeng nahalal sa matataas na posisyon noong eleksyon noong Mayo 2004, ayon sa resulta ng Commission on Elections (COMELEC).

1. Tatlo (3) sa 12 senador ay babae at 30 lamang sa 200 kongresista ay babae.
2. Isang partylist lamang (Gabriela) sa 16 na pwesto ang para sa kababaihan, at apat (4) sa 24 representante ng party list ay babae.
3. Sa lokal na yunit, 15 sa 77 gobernador ay babae, samantalang 7 naman sa 77 bise gobernador, at 121 sa 725 board members.
4. 15.4% at 13.8% ng mga alkalde at bise alkalde ay babae, samantalang 17.1% naman ng kabuuang konsehal ay babae.

Mas maraming babae ang bumoboto at nanalo sa eleksyon pero maliit pa rin ang partisipasyon nila sa pulitika at panunungkulan. Noong nasyunal na halalan noong 1998 at 2001, lahat ng babaeng kandidato (20% lamang sa kabuuang bilang ng kandidato) ay nahalal sa pwesto. Sa kabila ng kanilang tagumpay sa eleksyon, nanatiling maliit pa rin ang papel ng kababaihan sa publikong sektor. Sa katunayan, malaki ang ibinaba ng partisipasyon nila noong eleksyon noong 2004, sa kabila ng tumataas na statistiko simula pa noong 1994. (COMELEC)

Nagdala ng pag-asa sa kababaihan ang batas sa Partylist na makilahok sa lehislatibong antas, pero kaunti pa rin ang nahalal sa pwesto dahil sa kakulangan sa impormasyon at iba pang rekisitos para makasama. Patuloy na sinusulong ng mga grupong pangkababaihan ang 30% quota ng babae sa mga partidong pulitikal at iba pang ahensya na hinahalal o pinipili ang mga opisyal.

Maliit pa rin ang partisipasyon ng kababaihan sa judiciary. Puro lalaki pa rin ang nakapwesto sa Shari'a courts o ang special courts sa batas ng Muslim, maliban noong 1996 nang nagkaroon ng isang babaeng hukom. Noong March 2004, apat (4) lamang sa 14 justices sa Korte Suprema ay babae.

Matindi pa rin ang 'glass ceiling' laban sa kababaihan, bagamat mas marami sa mga ito ay nasa burukrasya lalo na sa teknikal at mga pangalawang posisyon. Mahigit kalahati (53%) ng 1.45 milyong manggagawa sa gobyerno noong 1999 ay babae, pero sila ay karaniwang nasa pangalawang posisyon lamang (71.9%). Halos 34% ng kababaihan ay nasa pinakamataas o pangatlong posisyon ng panunungkulan. Karamihan sa mga babae ay nasa teknikal na gawain samantalang ang mga lalaki ay karaniwang ehekutibo o tagapangasiwa. (Civil Service Commission)

Bumaba rin ang partisipasyon ng babae sa mga unyon mula 59.6% noong 1996 hanggang 34.2% na lamang noong 2000. Bumaba ang kanilang panunungkulan sa mga unyon mula 35% noong 1998 hanggang 25.6% na lamang noong 2000. (NCRFW)

Sinisiguro ng CEDAW ang karapatan ng babae na...

1. Bumoto, tumakbo sa eleksyon at manungkulan sa anumang posisyon sa Gobyerno. (Article 7)
2. Makilahok sa non-government organizations at mga asosasyon na may kaugnayan sa pulitikal at publikong kalagayan ng bansa. (Article 7)
3. Magkaroon ng pagkakataong maging kinatawan ng Gobyerno sa internasyunal na antas at makilahok sa gawain ng mga organisasyong internasyunal. (Article 8)

POPULASYON AT REPRODUCTIVE HEALTH

1. Walang pambansang patakaran tungkol sa reproductive health.
2. Ayon sa 2000 Family Planning Survey, 20.5% ng mga babaeng may-asawa ay nakakaranas ng kakulangan sa contraceptives sa pagpapalano ng agwat ng kanilang mga anak.
3. Sa mga syudad o probinsyang natural na pagpapalano ng pamilya ang ginagamit, ang mga babae ay walang impormasyon o serbisyo sa iba pang paraan ng pagpapalano katulad ng artipisyal na contraceptives.
4. May 46 na mapanganib na aborsyon ang nagaganap kada oras sa bansa. (1999 Country Population Assessment UNFPA)
5. Sampung (10) babae ang namamatay araw-araw sanhi ng mga komplikasyon sa panganganak. (1998 NDHS)

Ayon sa pinakahuling family planning survey (FPS), 49.3% ng babae ang gumagamit ng isang uri ng contraceptive, at karaniwan ay makabagong paraan ito. Sa bilang na ito, 35.1% ang gumagamit ng makabagong paraan, samantalang 14.2% naman ang gumagamit ng mga tradisyunal na paraan. Mas marami pa ring gumagamit ng tableta, na sinusunod ng female sterilization at calendar/rhythm. Bagamat mas laganap ito sa mga health centers at mas madaling naipapamahagi, 2.1% lamang ang gumagamit ng condom. (2004 FPS, NSO)

Ayon sa National Demographic and Health Survey (NDHS), 5.6% sa mga buntis ay hindi kumukunsulta sa doktor at 6.5% naman (71.8% nito ay naninirahan sa kanayunan) ay tumatakbo sa mga traditional birth attendants (TBAs) lamang. Isa sa tatlong (37.1%) nanganganak ay tinulungan ng TBAs samantalang 3 sa 5 (61.34%) buntis ay nanganganak sa bahay. (2003 NDHS, NSO)

Mula 1984 hanggang Setyembre 2005, may naitalang 2,354 kaso ng HIV Ab Seropositives ang Department of Health. Sa bilang na ito, 862 ay babae. May 702 kaso ng ganap na AIDS sa kabuuang kaso ng HIV na naiulat.

Tanging CEDAW lamang ang kasunduan sa karapatang pantao na nagtataguyod ng karapatan ng kababaihan sa serbisyong pangkalusugan at mga iba't ibang pamamaraan sa pagpapalano ng pamilya.

Sinisiguro ng CEDAW ang karapatan ng kababaihan sa...

1. Kumpletong serbisyong pangkalusugan, kasama na ang pagpapalano ng pamilya. (Article 12)
2. Pagpapasya sa bilang at pag-aagwat ng kanilang mga anak. (Article 16)

3. Pantay na responsibilidad sa pangangalaga at pagpapalaki ng anak. (Articles 5, 16)

Pangkalahatang Rekomendasyon ng CEDAW

1. No. 15 – pag-alis ng diskriminasyon laban sa kababaihan sa mga pambansang stratehiya sa pagsugpo at kontrol ng AIDS.

Nakabinbin na panukala:

Ang HB 3773 o ang Responsible Parenthood and Population Management Act ay batay sa alituntunin ng nasyunal at lokal na pamahalaan na magbigay ng mga batayang serbisyo sa kalusugan, reproductive health at pagpapalano ng pamilya. May parusa ang sinumang opisyal ng gobyerno na pumipigil o kumikital sa pagbibigay ng legal at ligtas na serbisyo sa reproductive health, kasama na ang pagpapalano ng pamilya. Ang pagkakaroon ng dalawang (2) anak bilang ideyal na laki ng pamilya ay hindi rin ipinag-uutos.

KARAHASAN LABAN SA KABABAIHAN AT KABATAAN AT PAGBEBENTA

Hindi magkakapareho ang bilang ng kasong karahasan laban sa kababaihan na naitala sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno. Ayon sa pagtatala ng pulisya, lumaki ang bilang ng mga kaso ng violence against women (VAW) nang 7 beses, mula 1,100 noong 1996 hanggang 7,383 noong 2004. Ang pinakamataas na bilang ng VAW sa pulisya ay naitala noong 2001, na may 10,343 kaso. Sa kabilang banda, bumaba naman ang bilang ng kaso ng women in especially difficult circumstances (WEDC) na naitala sa Department of Social Welfare and Development simula 1999.

Pambubugbog at panggagahasa pa rin ang may pinakamaraming kaso ng VAW, ayon sa pulisya at DSWD:

1. Anim sa 10 biktima ng incest ay nagsabing binubugbog ng kanilang ama ang kanilang ina.
2. Siyam sa 10 binubugbog na babae ay biktima ng marital rape.
3. Anim sa 10 binubugbog na babae ay sinaktan habang buntis sila.

(Mula sa iba't ibang datos ng Women's Crisis Center 1995-1998 na binanggit sa Philippine NGO + 10 Report)

Matindi rin ang problema ng VAW sa mga Pilipinong migrante, lalo na't ito ang may pinakamaraming babaeng nagtatrabaho sa ibang bansa. Mula 1993 hanggang 2002, may naitalang 1,013 kaso ng trafficking. Noong 2004, iniulat ng grupong Kanlungan ang 32 kaso ng trafficking sa 170 kasong hinawakan nito.

Sinisiguro ng CEDAW ang karapatan ng kababaihan na...

1. Maging malaya mula sa iba't ibang uri ng karahasan – pisikal, sekswal, emosyonal, mental, o pang-ekonomiko man. (Article 6)
2. Maging malaya mula sa iba't ibang pagbebenta ng babae at pang-aabuso sa pamamagitan ng prostitusyon. (Article 6)
3. Pangkalahatang Rekomendasyon Nos. 12 at 19 – lulat ang mga pinapatupad na batas para protektahan ang mga babae laban sa iba't ibang anyo ng karahasan sa pang-araw-araw na pamumuhay at pagkakaroon ng mga suportang serbisyo.

Resolusyon lagpas sa 10-taong review ng Beijing Declaration at Platform for Action – Wakasan ang pangangailangan para sa pagbebenta ng babae, matanda man o bata, sa anumang porma ng pang-aabuso, at parusahan ang sinumang kasangkot sa pagbebenta

at isakatuparan ang iba't ibang hakbang sa pamamagitan ng bilateral at multilateral na kooperasyon.

Mga Kasalukuyang Batas

1. RA 7877 o ang Anti-sexual Harassment Law
2. RA 8353 o ang Anti-rape Law – pagturing sa panggagahasa bilang krimen laban sa isang tao; pagpapalawak ng kahulugan ng panggagahasa.
3. RA 8505 o ang Rape Victim Assistance Act
4. RA 6955 o ang Anti-Mail Order Bride Law
5. RA 9262 o ang Anti-Violence Against Women and Children
6. RA 9208 o ang Anti-trafficking in Person Act

KABABAIHAN SA KANAYUNAN

Isa sa apat (4) na babae na nasa edad 15 hanggang 24 anyos ay may anak na at karaniwang naninirahan sa kanayunan. Elementarya lamang ang karaniwang naabot na edukasyon, at galling sila sa mahihirap na pamilya. (NDHS, 2003)

Ang Article 14 ng CEDAW ay para sa kababaihan sa kanayunan, para masiguradong sila ay nakikilahok at nakikinabang sa kaunlaran. Sinisiguro ng CEDAW ang karapatan nilang...

1. Makilahok sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga planong pangkaunlaran sa iba't-ibang antas;
2. Gumamit ng iba't ibang pasilidad sa kalusugan, kasama na ang impormasyon, pagpapayo, at serbisyo sa pagpapalano ng pamilya;
3. Makinabang sa mga programa at serbisyong panlipunan;
4. Makatanggap ng iba't ibang pagsasanay at edukasyon, kasama na yaong mga naglalayong paunlarin ang teknikal na kakayanan ng babae;
5. Makatanggap ng iba't ibang serbisyong pautang, marketing, teknolohiya at pantay na karapatan sa lupa at repormang agraryo
6. Magkaroon ng maayos na kondisyon sa pamamahay, kalinisan, elektrisidad, tubig, transportasyon at komunikasyon.

KATUTUBONG KABABAIHAN

Matindi ang pangangailangang maibangon at mapaunlad ang mga komunidad na naapektuhan ng digmaan at hayaang makilahok ang mga Moro at indigenous peoples (IPs) sa lipunan at kaunlaran. (Situational analysis of the Philippine Population, UNFPA 2005)

Lubhang apektado ang mga Moro at lumad sa Mindanaw sa patuloy na kawalan ng lupa, kakulangan sa serbisyong panlipunan, mababang antas ng edukasyon at kapabayaan ng gobyerno. Lumalala ang sitwasyon ng babae, matanda man o bata, dahil sa lakas ng impluwensya ng tradisyon o mga nakagawian na. Sa Cordillera, isa sa 5 pinakamahirap na rehiyon sa bansa, mas nalulugmok sa kahirapan ang mga katutubo, lalo na ang katutubong kababaihan.

Maaari ring gamitin ang Article 14 ng CEDAW sa katutubong kababaihan, kasama na ang proteksyon ng kanilang kultura at mga minanang lupain.

Resolusyon lagpas sa 10-taong review ng Beijing Declaration at Platform for Action:

1. Siguraduhin ang tunay at epektibong partisipasyon ng katutubong kababaihan sa implementasyon, pagsusuri at pagbabantay ng PFA at MDGs.

2. Paghihikayat sa mga Gobyerno, ahensiya ng Gobyerno, pribadong sektor at civil society na maglunsad ng mga hakbang para maitaguyod ang tunay na partisipasyon ng katutubong kababaihan sa lahat ng aspeto ng lipunan.

KABABAIHANG MAYROONG KAPANSANAN

Ayon sa 2000 Census, may 942,098 babae ang apektado ng kapansanan o kaugnay na kondisyon, nagpapakita na tumaas ang bilang ng 2.5% mula 1995. Halos pantay ang bilang ng babaeng may kapansanan sa lalaki (50.2% versus 49.8%), kabaligtaran sa sitwasyon noong 1995 kung saan 51.1% ng may kapansanan ay lalaki. Karamihan sa mga babaeng ito ay nakakaranas ng malabong paningin, halos pagkabulag at kahirapan sa pandinig. Sila ay nakakaranas ng dobleng diskriminasyon sa lipunan dahil sa kanilang kondisyon. (NCRFW)

Sinisiguro ng CEDAW ang lahat ng karapatan ng mga babaeng may kapansanan sa mga serbisyong tulad ng rampa at palikuran, pareho sa lalaki.

1. Pangkalahatang Rekomendasyon No. 18 – Magbibigay ang State Parties ng karampatang impormasyon sa kanilang ulat ukol sa kondisyon ng mga kababaihan may kapansanan at mga karampatang hakbang para matugunan ang kanilang pangangailangan, sakop na ang edukasyon, trabaho, serbisyong pangkalusugan, at social security, at gayundin ang kanilang karapatang makilahok sa iba't ibang salik kultural at panlipunang gawain ng kanilang komunidad.

ORYENTASYON NG KASARIAN

Bawal mag-asawa o magpakasal ang mga homosexual partners. Dahil dito, wala silang karapatang gamitin ang mga legal at panlipunang karapatan ng mag-asawa na may kinalaman sa pagmamay-ari, pagmamana, insurance, pagkuha ng claims sa mga organisasyon o ahensiya, pag-aampon at iba pa.

Walang batas sa Pilipinas na nagtatanggol sa mga tao laban sa diskriminasyon batay sa kanilang piniling kasarian. (ISSA, 2004 Sexual and Reproductive Health and Rights, Reference for Advocacy in the Philippines)

Sinisiguro ng Article 3 ng CEDAW ang batayang karapatang pantao at pangunahing kailayan.

1. Tinatalakay ng Article 5 ang pag-aalis ng anumang diskriminasyon at iba pang gawain batay sa pagiging mataas o mababa ng isang kasarian o pag-stereotype ng papel ng babae at lalaki.
2. Ayon sa Article 16, pantay ang karapatan at tungkulin ng babae at lalaki sa pag-aasawa at relasyon sa pamilya.
3. Sinisiguro ng Article 6 ang karapatan ng kababaihan na maging malaya mula sa iba't-ibang uri ng karahasan – pisikal, sekswal, emosyonal, mental o pang-ekonomiko man.

KABABAIHAN AT DIGMAAN

Kasama sa mga pangunahing epekto ng digmaan sa kababaihan sa komunidad ay pang-ekonomikong dislokasyon, kawalan ng seguridad, karahasang sekswal, pagkawak ng mga tradisyunal na istraktura at relasyon, at pagkabuwag ng mga organisasyong pangkababaihan. (NCRFW 1993 Study)

Mula 1980 hanggang 1999, may 100 kaso ng karahasan laban sa kababaihan kaugnay ng digmaan ang naitala ng Human Rights Commission sa Rehiyong 2, 6 at 9. Mula Enero hanggang Nobyembre 2001, tinatayang 135,000 hanggang 150,000 katao – karamihan dito ay babae – ang napilitang lumikas sa kanilang tahanan at komunidad at manirahan sa mga evacuation center dahil sa patuloy na labanan sa pagitan ng gobyerno at rebeldeng grupo. (NCRFW)

Karaniwang kasama sa mga gawaing pangkapayapaan ang mga babaeng lumad, Moro at Kristiyano dahil naging biktima ang kanilang mga anak sa iba't ibang paraan sa digmaan.

1. Sinisiguro ng Article 6 ng CEDAW ang karapatan ng kababaihan na maging malaya mula sa iba't ibang uri ng karahasan – pisikal, sekswal, emosyonal, mental o pang-ekonomiko man.
2. Declaration on the Protection of Women and Children in Emergencies and Armed Conflicts

MGA KARAPATANG GINAGARANTIYAHAN NG CEDAW

1. Karapatan sa mataas na uri ng edukasyon. (Articles 10 at 14)
2. Karapatan sa komprehensibong serbisyong pangkalusugan, kasama na ang pagpapalano ng pamilya. (Articles 11, 12 at 14)
3. Karapatang makinabang sa mga serbisyo sa pautang at iba pang uri ng pagpapautang. (Articles 13 at 14)
4. Karapatang makilahok sa gawaing pangkasiyahan, palakasan at kultural. (Articles 10, 13 at 14).
5. Karapatang mamili ng bilang at pag-aagwat ng anak. (Article 16)
6. Karapatan sa pantay na responsibilidad sa pagpapalaki ng anak. (Articles 5 at 16)
7. Karapatan sa pantay na oportunidad sa trabaho, benepisyo at serbisyong panlipunan. (Articles 11 at 14)
8. Karapatang tumanggap ng bayad ayon sa trabahong ginagampanan ng babae. (Article 11)
9. Karapatang maging malaya mula sa iba't ibang uri ng karahasan – pisikal, sekswal, emosyonal, mental o pang-ekonomiko man. (Article 6)
10. Karapatang maging malaya mula sa iba't ibang uri ng prostitusyon at pang-aalipin. (Article 6)
11. Karapatang bumoto, tumakbo sa eleksyon, at mahalal sa anumang posisyon sa Gobyerno. (Article 7)
12. Karapatang maging kinatawan ng bansa sa internasyunal na antas. (Article 8)
13. Karapatang kumuha, baguhin o panatilihin ang nasyunalidad. (Article 9)

PAANO NAKAKATULONG ANG CEDAW SA MGA ADVOCATES AT MGA TAGAGAWA NG PATAKARAN?

1. Ito ay malinaw na paalala ng obligasyon ng Estado sa mga kampanya para sa reporma sa batas, serbisyo o patakaran.
2. Ito ay malakas na argumento na ang mga batas at probisyon ng Konstitusyon ng bansa ay dapat iayon sa mga prinsipyo sa karapatang pantao sa internasyunal na antas.
3. Ito ay nagbibigay ng malinaw na sukatan ng resulta at epekto ng mga proyekto at patakaran na kasama sa ulat.

4. Ito ay malinaw na batayan para sa paglulunsad ng mga programang pag-edukasyon para sa mga babaeng aktibista, hukom, abogado, pulis, media at publiko.

PWEDENG GAMITIN ANG OPTIONAL PROTOCOL TO CEDAW (OP-CEDAW) KUNG HINDI NAGTAGUMPAY SA IBANG PARAAN.

Kung wala pa ring nangyari kahit na nagamit na ng babae ang iba't ibang paraan sa pamahalaan para makakuha ng katarungan, pwede niyang gamitin ang OP-CEDAW sa internasyunal na antas.

Binuo ang OP-CEDAW noong 6 Oktubre 1999 at unang ipinatupad noong 22 Disyembre 2000. Pumirma ang Pilipinas sa OP-CEDAW noong 21 Marso 2000 at niratipika niya ito noong 12 Nobyembre 2003. Noong Setyembre 2005, 72 sa 180 State parties ng CEDAW ang pumayag sa Optional Protocol. Bilang paglilinaw, bukas ito sa mga State Parties lamang pero boluntaryo. Tanging ang mga mamamayan ng OP State Parties ang pwedeng gumamit nito.

Paano Gumagana ang OP-CEDAW

May dalawang mekanismo:

1. Ang mekanismo ng komunikasyon – isusumite ng mga indibidwal o grupo ang kanilang petisyon sa CEDAW Committee.
2. Ang mekanismo ng imbestigasyon – limbestigahan ng CEDAW Committee ang mga sistematikong pang-aabuso sa karapatan ng kababaihan sa mga kasaping bansa.

Saan Isasampa ang Reklamo

Committee on the Elimination of Discrimination Against Women
c/o UN Division for the Advancement of Women
Department of Economics and Social Affairs
United Nations Secretariat, 2 United Nations Plaza
DC 2/12th Floor, New York, NY 10017
USA
Fax: 1-212-963-3463

Para sa gabay at proseso pumunta sa:

www.un.org/womenwatch/daw/cedaw/index.html

MATUTO PA LALO TUNGKOL SA CEDAW:

1. UN website on the CEDAW Convention
<http://www.un.org/womenwatch/daw/cedaw/>
2. Office of the High Commission on Human Rights
Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women
<http://www.unhchr.ch/html/menu3/b/e1cedaw.htm>
<http://www.unhchr.ch/html/menu3/b/21.htm>
3. Peace Women – Women's International League for Peace and Freedom
<http://www.peacewomen.org/un/ecosoc/CEDAW.html>
4. Office of the High Commission on Human Rights
<http://www.ohchr.org/english/countries/ratification/8.htm>

5. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization – Social and Human Sciences
http://portal.unesco.org/shs/en/ev.php-URL_ID=3944&URL_DO=DO_TOPIC&URL_SECTION=201.html
6. International Labour Office
http://www.logos-net.net/ilo/150_base/en/instr/un_1.htm
7. The People’s Movement for Human Rights Education
<http://www.pdhre.org/conventionsum/cedaw.html>
8. Eldis – The Gateway for Development Information
<http://www.eldis.org/static/DOC2569.htm>
9. Amnesty International
<http://web.amnesty.org/pages/treaty-cedaw-eng>
10. Human Rights Watch
<http://hrw.org/campaigns/cedaw/>
11. Asian Women’s Resource Exchange
http://www.aworc.org/bpfa/pub/sec_h/pol00003.html
12. CONVENTION ON THE ELIMINATION OF ALL FORMS OF DISCRIMINATION AGAINST WOMEN (CEDAW)
<http://www.undp.org/rblac/gender/cedaw.htm>
13. Toolkit for Women
<http://www.earthsummit2002.org/toolkits/women/un-doku/otherun/cedaw.htm>
14. The United States Committee for the United Nations Development Fund for Women
<http://www.unifemusa.org/cedaw.html>
15. Stop Violence Against Women
http://www.stopvaw.org/Convention_on_the_Elimination_of_All_Forms_of_Discrimination_against_Women4.html
16. IRAW
<http://iwrap.igc.org>
17. IRAW-Asia Pacific
<http://iwrap-ap.org>

WAKASAN ANG DISKRIMINASYON LABAN SA KABABAIHAN

“Ang diskriminasyon laban sa kababaihan ay malinaw na paglabag sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at paggalang sa karapatang pantao.”

– Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW)

BAGAMAT MAY ILANG PAG-UNLAD NA SA maraming bansa sa mga pagkilos para wakasan ang diskriminasyon laban sa kababaihan, wala pa ring lipunan sa mundong ito kung saan natatamasa na ng kababaihan ang maging pantay sa kalalakihan. Sa pagpasok ng ika-21 siglo, patuloy pa rin ang pakikibaka ng kababaihan sa iba’t ibang bahagi ng mundo laban sa iba’t ibang uri ng diskriminasyon. Ilan lamang ito sa kasalukuyang sitwasyon sa buong mundo:

- 2/3 sa mga tao na walang pinag-aralan ay kababaihan.
- Mas maraming lalaki ang nakakapag-aral kaysa babae.
- Doble ang ginagawang trabaho ng babae nang walang bayad kay sa sa lalaki.
- ¾ lamang ang kinikita ng babae sa kinikita ng lalaki.
- Karaniwang hindi natutugunan ang mga pangangailangan ng babae sa kalusugan.
- Karaniwang walang boses ang babae sa mga makapangyarihang posisyon.
- Malala pa rin ang karahasan sa kababaihan sa buong mundo.

Simula pa noong itinatag ito, layunin na ng United Nations (UN) na itaguyod ang pagkakapantay ng babae at lalaki. Sa mga nakaraang taon, nagsagawa ito ng apat (4) na international conferences para itaguyod ang karapatan ng babae. Sa kasalukuyan, may limang (5) grupo sa UN na nakatutok sa mga isyu ng kababaihan: ang Commission on the Status of Women, ang Committee for the Elimination of Discrimination Against Women, ang Division for the Advancement of Women (DAW), ang United Nations Development Fund for Women (UNIFEM), at ang International Research and Training Institute for the Advancement of Women (INSTRAW). Mayroon ding Inter-Agency Committee na naglalayong siguraduhin na lahat ng programa at patakaran ng UN ay sinaalang-alang ang mga kababaihan (gender perspective).

Pinakamahalaga sa lahat, itinaguyod ng United Nations ang mga pandaigdigang instrumentong nagbibigay ng mga legal na batayan para makamit ang pagkakapantay ng babae at lalaki, pinakapangunahin na dito ay ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination against Women (CEDAW).

Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination against Women

Binuo ng United Nations General Assembly noong 1979, ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women, ang pinakakomprehensibong kasunduan ukol sa karapatan ng kababaihan. Tinatawag ding International Bill of Rights of Women. Ang Convention ay nagbibigay ng mga legal na obligasyon para malutas ang diskriminasyon.

Nilalayan ng Convention ang pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki sa mga karapatang sibil, pulitikal, pang-ekonomiya at kultural. Ipinag-uutos ng Convention na itigil ang lahat

ng uri ng diskriminasyon – sa publiko o pribado mang pamumuhay, sa ilalim ng batas o sa pang-araw-araw na pamumuhay – hanggang sa ang sitwasyon ng babae ay maging kapantay na sa lalaki.

Tanging ang Convention lamang ang kasunduan sa karapatang pantao na nagtaguyod ng “reproductive rights” ng kababaihan. Ito lang din ang kasunduan na isinaalang-alang ang kultura at tradisyon bilang mga salik na nakakaapekto sa papel ng babae at relasyon sa pamilya.

Ipinatupad ang Convention noong 3 Setyembre 1981, at noong March 2005, may 180 bansa o State Parties na ang nagratipika nito. Ang Convention ay ang pangalawang internasyunal na kasunduan sa karapatang pantao na may pinakamaraming nagratipika. Sinasaad ng Articles 1 hanggang 16 nito ang mga partikular na aksyon mula sa mga bansang nagratipika. Ang Articles 17 hanggang 30 naman ay tungkol sa mga proseso sa pagpapatupad ng Convention.

Diskriminasyon (Article 1)

Ang diskriminasyon laban sa kababaihan ay ang anumang pag-uuri, eksklusyon o restriksyon batay sa kasarian na naglalayon o nagreresulta sa hindi pagkilala, pagtamasa o paggamit ng mga babae ng kanilang karapatang pantao o batayang kalayaan sa pulitikal, pang-ekonomiko, panlipunan, kultural, sibil o anumang larangan, may asawa man o wala, batay sa pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae.

Mga Patakaran (Article 2)

Tinututulan ang diskriminasyon laban sa kababaihan sa anumang uri nito at payag ang mga State Parties na isagawa ang mga sumusunod:

- Itaguyod ang paninindigan ng pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki sa pambansang konstitusyon, civil codes, at iba pang batas para siguraduhin ang katuparan ng prinsipyong ito;
- Ipatupad ang mga batas o patakarang nagbabawal ng diskriminasyon laban sa kababaihan;
- Magbuo ng mga tribunal at ibang pampublikong institusyon para maprotektahan ang kababaihan sa diskriminasyon;
- Siguraduhing walang ginagawang diskriminasyon laban sa kababaihan ang mga awtoridad at institusyon ng Estado;
- Siguraduhing wawakasan ang anumang uri ng diskriminasyon laban sa kababaihan ng sinumang tao, organisasyon o negosyo;
- Isasawalang-bisa ang lahat ng batas, patakaran, gawi at sistema na may diskriminasyon laban sa kababaihan;
- Isasawalang-bisa ang anumang probisyong penal na nagdidiskrimina sa babae.

Garantiya sa batayang karapatang pantao at iba pang kalayaan (Article 3)

Nagkakasundo ang mga State Parties na ipatupad ang lahat ng hakbang, kasama na ang pagsasabatas, sa lahat ng larangan para maprotektahan ang batayang karapatang pantao at iba pang kalayaan katulad ng sa kalalakihan.

Mga Espesyal na Hakbang (Article 4)

Hindi itinuturing na diskriminasyon ang anumang mga panandaliang espesyal na patakaran para mapangalagaan ang paggiging isang ina.

Mga Papel batay sa Kasarian (Article 5)

Nagkakasundo ang lahat ng State Parties sa mga sumusunod na hakbang:

- Alisin ang anumang diskriminasyon at mga nakagawiang ugali batay sa pagkakahon (stereotype) ng papel ng babae at lalaki o batay sa pagiging mataas o mababa ng isang kasarian;
- Siguraduhing itinaturo ng pampamilyang edukasyon ang kahalagahan ng pagiging ina bilang isang panlipunang papel at may pantay na responsibilidad ang babae at lalaki sa pagpapalaki ng kanilang mga anak.

Prostitusyon (Article 6)

Ipatatupad ang lahat ng hakbang, kasama na ang pagsasabatas, para mapigilan ang iba't ibang uri ng pang-aapi at pagbebenta ng kababaihan.

Pulitikal at publikong pamumuhay (Article 7)

Katulad ng lalaki, may karapatan ang babae na makilahok sa pulitikal at publikong buhay ng bansa, at may sumusunod na karapatan:

- Bumoto sa lahat ng eleksyon at publikong referenda at mahalal sa lahat ng mga publikong ahensyang dumadaan sa eleksyon;
- Makilahok sa pagbubuo ng mga batas ng gobyerno at manungkulan sa lahat ng antas ng gobyerno;
- Makilahok sa mga “non-government organizations”: (NGOs) na may kaugnayan sa pulitikal at publikong buhay ng bansa.

Representasyon (Article 8)

Ang lahat ng babae ay may karapatang maging kinatawan ng kanilang bansa sa internasyunal na antas, at makilahok sa gawain ng mga organisasyong internasyunal.

Nasyunalidad (Article 9)

Ang mga babae ay may pantay na karapatan tulad ng lalaki na kumuha, baguhin o ipagpatuloy na gamitin ang kanilang nasyunalidad at gayundin sa kanilang mga anak. Hindi kaagad maaapektuhan ang nasyunalidad ng isang babae kung siya ay nagpakasal sa mamamayan ng isa pang bansa.

Edukasyon (Article 10)

Ang mga babae ay may pantay na karapatan tulad ng lalaki sa larangan ng edukasyon, lalo na sa:

- Propesyon at “vocational” na gabay;
- Mga kurso, pagsasanay, mga magagaling na guro, at batayan ng gamit at lugar sa paaralan;
- Pag-aaral at pagbabago ng mga libro para alisin ang mga konseptong nagdadala ng diskriminasyon;
- Scholarship at suporta sa pag-aaral;
- Mga programa para sa “literacy” at pagpapatuloy ng pag-aaral;
- Pagpapababa ng ‘di nakakatapos sa pag-aaral (drop-out rates) sa mga babaeng mag-aaral;
- Pantay na karapatan na makilahok sa palakasan at iba pang gawaing pisikal sa eskwela;
- Karapatan sa impormasyong naglalayong mapabuti o mapangalagaan ang kalusugan at katayuan ng mga babae, kasama na ang payo sa pagpapalano ng pamilya.

Trabaho (Article 11)

Gagawin ang lahat ng hakbang para alisin ang diskriminasyon laban sa babae sa larangan ng trabaho, at sisiguraduhin ang mga sumusunod na karapatan ng babae:

- Makapagtrabaho;
- Magkaroon ng parehong pagkakataon sa trabaho katulad ng sa lalaki;
- Makapamilya ng propesyon at trabaho, makatamasa ng pag-angat sa posisyon, magkaroon ng seguridad sa trabaho, makatanggap ng lahat ng benepisyo at mga kundisyon sa serbisyo, at makatanggap ng mga regular at mas mataas na antas ng pagsasanay;
- Makatanggap ng parehong sahod, kasama na ang benepisyo, at pantay na pagtrato sa trabaho at sa pagsusuri ng uri ng trabaho;
- Makatanggap ng social security;
- Makatanggap ng proteksyon sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho.

Gagawin ng mga State Parties ang mga sumusunod na hakbang para maiwasan ang anumang diskriminasyon laban sa kababaihan dahil sa kanyang pag-aasawa o pagdadalantao:

- Ipagbawal ang pagtatanggal sa trabaho ng isang babae dahil sa pagiging buntis o pag-aasawa nito, o dahil sa pangangailangan niyang magpahinga dahil sa panganganak;
- Bigyan ang babae ng “maternity leave” na may bayad at makatanggap ng social benefits nang hindi natatanggal sa trabaho gayundin ang kanyang estado sa trabaho at iba pang benepisyo;
- Isulong ang pagkakaroon ng mga serbisyong panlipunan, partikular na ang mga pasilidad para sa pangangalaga ng anak, para matulungan ang mga magulang na tugunan ang kanilang responsibilidad sa pamilya habang nagtatrabaho;
- Magbigay ng espesyal na proteksyon sa mga buntis sa mga trabahong maaaring magdulot ng panganib dito.

Regular na pag-aaralan ang mga patakaran at batas na ito, at babaguhin kung kinakailangan lalo na kung may mga bagong siyentipiko o teknolohikal na batayan.

Kalusugan (Article 12)

Isasagawa ang iba’t ibang hakbang na naglalayong itigil ang diskriminasyon sa babae sa larangan ng kalusugan, nang sa gayon ay magkaroon ito ng pantay na karapatan sa serbisyong pangkalusugan kasama na ang pagpapalano ng pamilya.

Bibigyan ang mga babae ng mga serbisyo sa pagbubuntis, pagpapaospital, pangangalaga sa bata, libreng konsultasyon kung kinakailangan, gayundin ang pangangailangan sa masustansyang pagkain habang nagbubuntis at pagkatapos manganak.

Benepisyong pang-ekonomiya at panlipunan (Article 13)

Ang babae ay may parehong karapatan katulad ng lalaki sa mga sumusunod:

- Benepisyo sa pamilya;
- Pag-utang sa mga banko, pagpupundar ng bahay, at iba pang uri ng utang pampinansyal;
- Paglahok sa iba’t ibang gawain sa palakasan at kasiyahan, gayundin sa lahat ng aspeto ng kultural na pamumuhay.

Kababaihan sa Kanayunan (Article 14)

Binibigyan ng atensyon ang mga partikular na problema at isyu ng kababaihan sa kanayunan at ang kanilang mahahalagang papel para maitaguyod ang kanilang pamilya, kasama na ang pagtatrabaho nila nang walang bayad. Samakatwid, sila ay may sumusunod na karapatan:

- Makilahok sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga planong pangkaunlaran sa iba't-ibang antas;
- Gumamit ng iba't ibang pasilidad sa kalusugan, kasama na ang impormasyon, pagpapayo, at serbisyo sa pagpapalano ng pamilya;
- Makinabang sa mga programa at serbisyong panlipunan;
- Makatanggap ng iba't ibang pagsasanay at edukasyon, kasama na yaong mga naglalayong paunlarin ang teknikal na kakayanan ng babae;
- Mag-organisa ng iba't ibang grupo at kooperatiba para masiguro ang pantay na karapatan sa mga pang-ekonomiyang oportunidad;
- Makilahok sa iba't ibang gawain sa komunidad;
- Makatanggap ng iba't ibang serbisyo sa pangungutang, "marketing", teknolohiya at pantay na karapatan sa lupa at repormang agraryo gayundin sa mga iskema sa paglilipat-bahay.

Batas (Article 15)

Pantay ang babae at lalaki sa harap ng batas sa mga sumusunod na larangan:

- Kaparehong legal na kapasidad sa lalaki at oportunidad na gamitin ang kapasidad na ito sa kontrata, pagsasaayos ng ari-arian, at mga proseso sa korte at tribunal;
- Lahat ng kontrata at iba pang legal na pribadong instrumento na pumipigil sa karapatang legal ng babae ay dinedeklarang walang bisa at walang saysay;
- Malayang makakagalaw ang babae sa kanyang lipunan at malayang makakapamilya ng kanyang tirahan.

Pagpapakasal at pamilya (Article 16)

Pantay ang karapatan at responsibilidad ng babae at lalaki sa usapin ng pagpapakasal at relasyon sa pamilya, partikular na sa mga sumusunod na karapatan:

- Magpakasal;
- Pumili ng mapapangasawa;
- Sa panahon ng kasal at pagsasawalang-bisa nito;
- Bilang mga magulang, kasal man ito o hindi;
- Malayang mamili ng bilang at agwat ng kanilang mga anak at makatanggap ng impormasyon, edukasyon at iba't ibang pamamaraan para maitaguyod ang mga karapatang ito;
- Pagbabantay, pangangalaga, o pag-aampon ng mga anak;
- Sa mga personal na usapin tulad ng pagpili ng apelyido, propesyon at trabaho;
- Sa pagmamay-ari, pagbili, pangangasiwa, paggamit at pamimigay ng ari-arian.

Kinakailangan ang minimum na edad sa pagpapakasal, gayundin ang opisyal na rehistrasyon ng kasal.

Pagsasakatuparan ng Karapatan: Ang Committee on the Elimination of Discrimination against Women (Articles 17-30)

Itinatag noong 1982, ang Committee on the Elimination of Discrimination against Women (CEDAW) ang nagbabantay ng implementasyon ng Convention. Ang Committee ay may

23 kasapi na inihalal ng State Parties na manungkulan sa loob ng apat (4) na taon, batay sa kwalipikasyon na sila ay mga eksperto “na may mataas na katayuang moral at kakayanan sa mga larangang sakop ng Convention.” Nanunungkulan sila sa indibidwal nilang kakayanan bagamat sila ay nominado ng kanilang mga Gobyerno.

Nagpupulong ang Committee dalawang (2) beses kada taon, bawat isa ay tumatagal ng tatlong (3) linggo para pag-aralan ang mga naging resulta sa mga bansang nagratipika ng Convention. Sa pagsusuri, nagbibigay ng ulat ang mga Gobyerno ng mga hakbang na nasagawa nila sa pagtupad ng mga obligasyon nila sa kasunduan. Ibinibigay ang mga ulat na ito isang taon matapos na maging State party ang isang bansa at isang beses bawat apat (4) na taon. Tinatalakay ng mga kasapi ng Committee at kinatawan ng Gobyerno ang nilalaman ng ulat. Nakakatanggap din ng impormasyon ang Committee mula sa iba’t ibang non-government organizations. Batay sa pagsusuri, pwedeng magrekomenda ang Committee ng iba’t ibang hakbangin para sa isang bansa.

Pwede ring magbigay ng mga pangkalahatang rekomendasyon ang Committee sa State Parties ng iba’t ibang paraan para wakasan ang diskriminasyon laban sa kababaihan. Ito ang ginamit na kapangyarihan ng Committee para mabigyang pansin ang mahahalagang usapin na hindi partikular na sakop ng Convention, katulad ng HIV/AIDS, at karahasan laban sa kababaihan. Nang matapos ang 20th na pulong nito noong Enero 1999, nagkasundo ang Committee sa may 23 na pangkalahatang rekomendasyon.

Optional na Protocol sa Convention

Unang ginamit ng General Assembly ang Optional Protocol noong Oktubre 1999. Sa pamamagitan ng Protocol, ang mga indibidwal na kababaihan o grupo ng kababaihan na nagamit na ng lahat na lokal na pamamaraan ay maaring direktang magsampa ng petisyon sa committee tungkol sa paglabag ng kanilang Gobyerno. Pinahihintulutan din nito ang Committee na mag-imbetiga sa mga sistematikong pang-aabuso ng karapatan ng kababaihan sa mga State Parties sa Convention at sa Optional Protocol.

Ang Division para sa Advancement ng Women

Sineserbisyuhan ng United Nation Division for the Advancement of Women (DAW), na nakabase sa New York, ang Committee on the Elimination of Discrimination against Women. Nakikipag-ugnayan din ang DAW sa iba’t ibang bahagi ng United Nations System para maitaguyod at masuportahan ang Convention at ang gawain ng Committee, at para masigurado na ang karapatang pantao ng kababaihan ay natutugunan sa lahat ng mga internasyunal na kasunduan sa karapatang pantao.

Para sa karagdagan impormasyon tungkol sa Convention at sa karapatan ng kababaihan, bisitahin ang home page ng Division sa <http://www.un.org/womenwatch/daw> or magpadala ng email sa daw@un.org

Pwede ring makipag-ugnayan sa:

Development and Human Rights Section

Department of Public Information

Room S-1040, United Nations

New York, NY 10017

Tel: (212) 963-3771 Fax: (212) 963-1186 Email: vasic@un.org

Tagalog version of Women human rights story As of 11 January 2006

Buod: May 46 na sapilitang aborsyon ang nagaganap sa Pilipinas kada oras. Noong taong 2000, may 26.7 sa kada 1,000 babae na nasa edad 15 hanggang 44 ang minsang nagd-esisyong magpalaglag kahit pa panganib ang dala nito sa kanilang buhay. Laganap pa rin ang sapilitang aborsyon dahil sa kakulangan sa wastong impormasyon at paraan para makatanggap ng “contraceptives” ang mga babae. Nagpapalala din sa sitwasyon ang mababang pagturing sa babae sa loob ng tahanan, kakulangan ng suporta mula sa lokal na gobyerno at patuloy na hindi pagtugon sa pangangailangan nila sa “contraceptives.”

Hindi dapat ipagwalang bahala ng publiko ang ilegal, patago at delikadong aborsyon. Pangatlo ito sa mga sanhi ng pagpapaospital ng babae sa mga ospital ng DOH mula 1994 hanggang 1998. Ayon sa Tripartite Research, 78,901 babae sa kabuuang 473,408 sa buong bansa ang nagpaospital sanhi ng sapilitang aborsyon. Dahil ilegal at sikreto ang proseso, kadalasang nagdurusa ang babae nang mag-isa samantalang nakatakbo na ang iba pang may responsibilidad tulad ng ama ng bata at ang gumawa ng aborsyon.

“Isang matinding karahasan laban sa babae kung siya ay isinailalim sa delikadong aborsyon sa kabila ng pagkakaroon ng ligtas na paraan.”

Pilipinas: ‘A’ para sa aborsyon, isang pampublikong isyu sa kalusugan
Ni Olivia H. Tripon
Women’s Feature Service

Unang Bahagi

MANILA (WFS) – Disisyete pa lamang si Brenda. Walang makakahulang naglalakad siya nang may catheter sa katawan niya. Walang makakapagsabi kung ano talaga ang nararamdaman niya. Palatawa at palabiro siya, tila ba walang inaalintana sa mundo. Yaon nga lang, medyo maputla ang hitsura niya.

Tuwang-tuwa si Brenda at ang kasintahan niya nang una nilang malaman na buntis siya. “Ito ay pasya ng Diyos!” nasabi pa niya sa kanyang sarili. Pero desidido ang kanyang nanay gayundin ang ina ng kanyang kasintahan sa kinatatakutang “A” na salita. Para sa kanila, napakabata pa nina Brenda para maging magulang. Hindi rin naman sagot sa sitwasyon ang kasal.

Ganito rin ba ang pananaw ng mga padre de pamilya? Mukhang hindi, at mukhang magkakagulo kapag nagkataon. Parehong medyo nakakaangat sa buhay ang pamilya ni Brenda at ng kasintahan niya. Iniisip ng bawat ina ang kinabukasan ng kanilang mga batang-batang anak. Palihim kung pag-usapan ang isyung ito. Sa katunayan, hindi alam sa komunidad nila ang sinapit ni Brenda.

Pagkatapos ng aborsyon, natapos ni Brenda ang kanyang pag-aaral at nagkaroon ng matagumpay na propesyon. May asawa na siyang iba at may dalawang anak. Para sa iba, ito ang pinakamabuti para sa kanya.

Pero hindi lahat ng kwentong “A” ay natatapos ng maayon katulad ng kay Brenda. “May nagkwento sa akin tungkol sa isang babaeng namatay matapos na ipalaglag niya ang ba-

tang nabuo dahil sa panggagahasa sa kanya,” sinulat minsan ni dating Health Secretary Manuel Dayrit tungkol sa kanyang bisita sa Sultan Kudarat. (PDI, Talk of the Town, 11 Marso 2005)

Wala na ba siyang ibang pwedeng gawin? Hindi siya mabubuntis kung nabigyan lamang siya ng emergency contraceptive sa loob ng 72 oras mula nang siya ay magahasa. Karaniwang binibigay ang contraceptive na ito sa mga biktima ng panggagahasa, pero ipinagbawal na ito sa bansa ng Department of Health (DOH) sa pamamagitan ng Bureau of Food and Drug, kahit na napakadaling bumili nito sa mga botika sa ibang bansa. Nagsagawa ng pampublikong imbestigasyon ukol rito, pero wala pa ring resolusyon dito.

Taun-taon, 529,000 babae ang namamatay dala ng mga kumplikasyon sa panganganak na kung tutuusin ay madaling sugpuin. Kakulangan sa regular na pagkukunan ng makabagong contraceptives ang pangunahing dahilan kung bakit may 76 milyong kaso ng hindi planadong pagbubuntis sa mga mahihirap na bansa at kung bakit may 19 milyong kaso ng mapanganib na aborsyon sa buong mundo kada taon. (State of the World Population 2005)

May 46 na sapilitang aborsyon ang nagaganap kada oras sa Pilipinas. (1999 Country Population Assessment UNFPA)

Ilalabas ng Alan Guttmacher Institute (AGI), Reproductive Rights Resource Group Philippines (3RG-Phils) at ng UP Population Institute (UPPI) ang resulta ng kanilang saliksik na pinamagatang “The Incidence of Induced Abortion in the Philippines: Current Level and Recent Trends.”

Kasama ang nasabing saliksik sa mas malaking proyektong tinatawag na “Promoting Reproductive Health and Rights in the Philippines,” na naglalayong sagipin ang buhay ng kababaihan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pangunahing sagka sa pagkakaroon ng epektibong contraception at paggamit sa mga mapanganib na aborsyon. Nilalayan din nitong magbigay ng mga ebidensya sa mga “advocates”, tagapangasiwa ng mga programa at tagagawa ng patakaran para maging batayan ng reporma at iba pang hakbang para maprotektahan ang kababaihan.

Mga sanhi ng lumalalang aborsyon

Noong taong 2000, mayroong 26.7 kada sa 1,000 babae na may edad 15 hanggang 44 ang nagtangkang magpalaglag kahit na mapanganib ito sa buhay nila. Mayroong 18.2 na sapilitang aborsyon kada 100 kaso ng pagbubuntis (aborsyon at buhay na panganganak) sa parehong taon.

Bakit ganito? Ang mga sumusunod na salik ay masasabing nagbubunsod ng sapilitang aborsyon:

1. Kakulangan sa pagkukunan ng “contraceptives”

May 47.8 porsyento lamang ng mga babaeng may-asawa na nasa edad 15 hanggang 49 ang nagpapalano ng pamilya, kung saan 28% ay gumagamit ng makabagong paraan samantalang 19.8% naman ang gumagamit ng tradisyunal na paraan. Noong 1998, 41.4% ng lahat ng gumagamit ng contraceptives ay gumagamit ng tradisyunal na paraan, mas mataas sa 37.9% noong 1993 sa lahat ng rehiyon maliban sa Mindanaw. (Demographic Health Survey 1993 at 1998)

Kasama sa tradisyunal na pamamaraan ang pagpapasuso, withdrawal, at calendar o rhythm na karaniwang pumapalya. Ang nakakagulat, hindi alam ng maraming babae ang panahon kung kailan sila pwedeng magbuntis o hindi. Dahil dito, mas maraming nabubuntis nang wala sa tyempo.

Katulad na lang ng kaso ng isang babae na nasa ika-11 pagbubuntis na bagamat wala pa siya sa edad na 40. Hindi niya matandaan kung kailan siya huling dinatnan nang tinanong siya, dahil nga sunod-sunod ang kanyang pagbubuntis mula sa una niyang anak.

Marami pa rin ang gumagamit ng tradisyunal na pamamaraan dahil kulang na kulang pa rin sa libreng “contraceptives”, na sa katunayan ay kumokonti na ang “supply”. Noon pa lamang 1999, umabot na sa Php90 milyon ang halaga ng kulang na “contraceptives”, pero ayon sa DOH nasasagot pa rin ng mga donasyon ang aktwal na pangangailangan. Nagbigay ang gobyerno ng “contraceptives” sa may 70% ng kabalihanan sa 2002.

2. Kakulangan sa impormasyon

Marami sa kabataan ang nabubuntis dahil salat sila sa tamang edukasyon sa sex habang aktibo na sila dito. Halos 1/3 ng buong populasyon ng Pilipinas o 24 milyon ay kabataan, na may edad 10 hanggang 24 anyos. Ayon sa YAFSS3 noong 2002, isa sa 5 Pilipinong kabataan ay nakipagtalik na bago pa man ikasal, mas mataas kaysa sa bilang noong 1994. Bukod dito, 3.4% ng kabataan o 1.6 milyon ay nakikipagtalik sa maraming “partner.”

“Bagamat hindi maganda sa mga batang babae na maagang magbuntis, nananatiling hindi sila ligtas sa panganib ng pagbubuntis bukod at maapektuhan ng mga isyung pang-ekonomiko at panlipunan,” ani Tom Osias, executive director ng Commission on Population sa paglulunsad ng SWPR 2005.

Nakakatulong ang wastong impormasyon sa iba’t ibang paraan ng “contraception” para mawala ang maling akala o takot ng mga babae sa paggamit ng artipisyal na ‘contraceptives’ tulad ng ‘pill’ at IUD.

3. Mas mababang kalagayan ng babae sa tahanan

Karaniwan, natatalo ng tradisyunal na papel ng lalaki bilang puno ng pamilya ang kagustuhan ng babaeng kaunti lamang ang bilang ng anak. Hindi rin siya karaniwang napipilit na gumamit ng condom o sumailalim sa ‘vasectomy.’ Ang ganitong negatibong pananaw ng asawang lalaki sa pagpapalano ng pamilya ay nagtutulak sa babaeng magpalaglag kung mabuntis siya ulit, dahil na nakakaramdam siya ng malaking responsibilidad para itaguyod ang lumalaki niyang pamilya.

4. Kakulangan ng tamang pasilidad at suporta mula sa lokal na gobyerno

Ito ay dahil karaniwang hindi prayoridad ng mga lokal na gobyerno ang kalusugan, at dahil na rin sa pagtataguyod ng “natural family planning” ng nasyunal na gobyerno. Noong taong 2000, umakyat ang bilang ng pagbubuntis nang 100,000, mula 2.5 milyon noong 2004 hanggang 2.6 milyon. Mula noong 1993 hanggang 1998, tumaas ang bilang ng pagbubuntis sa Metro Manila sa iba’t ibang aspeto – hindi plannado, wala sa panahon at hindi kagustuhan. Pangulo ng Pro Life Movement si Manila

Mayor Lito Atienza, kung kaya't limitado sa "natural family planning" ang serbisyo ng kanyang gobyerno sa publiko. Ito lamang ay nagpapakita kung paano ginagamit ng mga pulitiko ang posisyon nila sa pagbibigay ng serbisyo sa "reproductive health."

Pero hindi ganito ang sitwasyon sa lahat ng lugar. Katulad lamang sa Aurora, Quezon, kung saan mismong ang Gobernador na si Bellaflor Angara ang nagponsor ng ordinansa sa "reproductive health" dahil walang pambansang patakaran tungkol dito.

Ayon sa 2002 Quality of Care Survey, 53% lamang ng lahat ng rural health units (RHUs) at 11.7% ng Barangay Health Services (BHS) ang may 90% "compliance rate" kaugnay sa kagamitan, gamot, at makinaryang medikal. Inaasahang mas maraming kaso ng komplikasyon sa aborsyon pero karamihan sa pasilidad ay hindi pa rin handa sa paghawak ng ganitong kaso.

5. Ang hindi natutugunang pangangailangan sa "contraceptives"

Ito ay tumutukoy sa bilang ng mga babaeng ayaw nang magdagdag ng anak o gustong mag-agwat ng anak pero walang ginagamit na paraan sa pagpapalano ng pamilya. Ayon sa 2002 "Family Planning Survey," 20.5% ng mga babaeng may-asawa ay nasa ganitong sitwasyon. Pagpapalaglag pa rin ang tanging solusyon nila dahil sa kawalan ng sapat na paraan.

Ikalawang Bahagi

Hindi dapat ipagwalang bahala ng publiko ang ilegal, patago at delikadong aborsyon. Noong 1994, 12% ng kasong pagkamatay kaugnay sa panganganak ay dahil sa aborsyon, samantalang noong 1994 hanggang 1998, aborsyon ang ikatlong pangunahing dahilan ng pagkakaospital ng babae sa lahat ng ospital na pinangangasiwaan ng DOH.

Naala pa ng bagong doktor na si Dr. J ang karanasan niya noong intern pa siya. "Hindi pumupunta ang mga babae sa ospital hangga't walang problema. Akala nila normal lang ang mag-"bleed." Gumamit kasi sila ng pampareglang galing sa mga kapitbahay, albularyo o mga tindera sa Quiapo."

Ayon sa saliksik ng Tripartite, may 78,901 babae ang naospital dahil sa sapilitang aborsyon mula sa 473,408 kaso sa buong bansa. Nagpapakita lamang ito na 17% ng lahat ng kaso ay hindi naitala; maaring ginamot ng mga babae ang kanilang sarili o kaya'y pumunta sa hilot nang wala namang komplikasyon. Ang iba naman ay walang pera para magpagamot o kaya'y malalayo ang ospital sa kanila.

Dapat ding ikonsidera sa "budget" ng pampublikong kalusugan ang gastos sa paggamot ng mga komplikasyon sa aborsyon, na dapat sana ay mapunta sa pagsugpo ng mga sakit.

Ayon kay Dr. Virginia R. De Jesus, presidente ng Department of Obstetrics at Gynecology ng UP PGH, walang sapat na "budget" para sa mga kasong dala ng komplikasyon sa aborsyon. Ang mga babae ang nagbabayad ng gamot (antibiotics sa impeksyon) at gastos sa laboratoryo katulad ng "ultrasound", kung kinakailangan.

"May sistema kami kung saan sinusuri ng social workers kung kayang magbayad ng pasyente o hindi. Minsan, kami na mismo ang nagbabayad," sabi pa ni Dr. De Jesus.

Anim hanggang 8 kaso sa kabuuang 40 hanggang 60 admisyon araw-araw ay dahil sa aborsyon. Sa bilang na ito, 1 hanggang 2 o 15% lamang ang sapilitan. Kasama sa gastos ang anestisyang ginagamit din sa raspa at manual vacuum aspiration (MVA) para sa nau-nang aborsyon.

Itinatag ang "Prevention and Management of Abortion Complications" (PMAC) ng DOH noong 2000 at inumpisahan sa 4 na pampublikong ospital para hawakan ang mga kaso nang walang diskriminasyon at sa makataong paraan. Sinabi rin ni Dr. De Jesus na sumasailalim ang residente sa PGH sa pagsasanay sa PMAC taun-taon. Nagbibigay din sila ng payo sa mga pasyente bago at pagkatapos ng raspa at sa kaso ng MVA. Pinapayuhan din nila ang babae habang nagaganap ang aktwal na proseso dahil nga mas lumalala ang sakit dala ng pag-aalaala.

Sinabi ni Dr. Marita Reyes, Chancellor ng UP Manila, na marami rin sa mga health professionals ang nawawalan ng pasensya, dala na rin sa pagod o kawalan ng pag-asa sa sistemang pangkalusugan kung kaya't sila mismo ay kailangang gumastos para sa pasyente. "Dapat ding bigyan ng 'debriefing' ang mga doktor para mawala ang kanilang 'stress,' lalo na pagkatapos ng 24 hanggang 48 oras ng 'duty.'"

Tumaas ang bahagi ng gastos sa pampublikong kalusugan (lalo na para masuportahan ang mga programang pangkalusugan at pagpapatatag ng mga "rural health units" at barangay "health stations" sa buong bansa) mula 8% noong 1991 hanggang 12% noong 1999. Ito ay dahil sa pagtaas ng kontribusyon ng mga gobyernong lokal na siya nang nangangasiwa sa mga pasilidad at gawaing pampubliko sa kalusugan.

Batay sa panukalang "budget" noong 2003, tinatayang 50 sentimo lamang ang bawat tao allocation sa kalusugan samantalang halos 60% ng "budget" ng gobyerno ay napupunta sa sweldo ng empleyado. Noong 2002, ipinag-utos ng gobyerno ang pagbabawas ng 25% sa "budget" sa lahat ng ahensiya para magkasya ang lumalaking pagkukulang. Lalong naging mahirap ang sitwasyon ng mga walang pondo sa labas o kaya'y hindi pwedeng maglunsad ng mekanismo para kumita, lalo na ang pampublikong kalusugan. (Situational Analysis of the Philippine Population, UNFPA 2005)

Matitinding epekto sa Kababaihan

Karamihan sa mga babaeng nagpalaglag ay pinapalayas ng kanilang pamilya, o kaya'y iniwan ng kasintahan na karaniwang may asawa na. Bumababa ang respeto sa kanyang sarili ng batang babae, na lalo pang pinapalala ng ilang tauhan sa ospital dahil sa kanilang pangungutya o diskriminasyon. Para sa mga babaeng minolestiya o ginahasa, basura ang tingin nila sa kanilang sarili at hindi na sila bahagi ng lipunan. Sa kalaunan, sila ay nagiging GRO o puta habang nakakulong pa rin sa isipang biktima.

Ang babaeng nagdedesisyong magpalaglag ay karaniwang salat sa paggamit ng "contraceptives", nasa edad 20, may partner, mas edukado, Katoliko at galing sa malaking pamilya. (Raymundo et al, 2001)

Ilan sa mga babaeng dinadala sa ospital ay maaring pinilit lamang na magpalaglag. Doble biktima ang mga babaeng binebenta. Para kay Dr. B., isang bagong graduate na doktor, hindi niya makakalimutan nang nakilala niya sa ospital ang isang babae na nasa edad 20, animo'y modelo, at kasama ng kanyang kasintahan na may asawa na. Bigla siyang nagtaklob at nagtatakbo mula sa emergency room nang makilala siya ni isang residente, dahil nga pangalawa na niya itong aborsyon. Ginamot din siya pagkatapos.

“Ginagamot pa rin namin ang pasyente at sinusuri kung bakit siya nagpalaglag. Kung hindi gaanong delikado ang sitwasyon niya, kinukwentuhan ko siya ng mga namamatay dahil sa sepsis para huwag na niyang ulitin. Kung delikado ang sitwasyon, pinapaliwanag ko sa kanya kung bakit nagkaroon ng ‘sepsis’ at kinakausap namin ang kanyang mga kamag-anak,” ani Dr. Noel Lawas, isang ‘obstetrician’ at pangulo ng Department of Health Policy and Administration ng UP PGH.

Nang tanungin siya kung alam niyang espontanyo o sapilitan ang isang aborsyon, sinabi ni Dr. Lawas na karamihan sa unang klase ng aborsyon ay walang lagnat. Kung meron man, at hindi naman ito dahil sa sipon o ubo, pinaghihinalaang sapilitan ang aborsyon.

“Kasama na rin ng namatay na babae ang lahat ng produktibong kontribusyon niya sa bahay, sa trabaho at sa ekonomiya. Apektado ang edukasyon at kalagayan ng kanyang naiwang anak,” sabi naman ni Dr. Shugeru Omi, director ng World Health Organization (WHO) sa Western Pacific sa isang artikulo na pinamagatang “The Heavy Price of Maternal, Childhood Deaths” na nilathala sa Philippine Daily Inquirer noong 9 Abril 2005.

Kawalan ng kabuhayan at hindi pagtatapos sa edukasyon ay ilan lang din sa epekto ng aborsyon. Sa mga babaeng nabiktima ng panggagahasa at incest, mas pipiliin pa nila ang kahihyan o bigat ng konsyensyang dala ng aborsyon kaysa panatilihin ang poot habang dinadala ang bata sa loob ng 9 na buwan. Sa kabilang banda, malaki ang epekto nito sa kanilang mental na kondisyon.

At dahil ilegal nga ito, karaniwang nakakatakbo ang iba pang kasangkot – ang gumawa ng aborsyon, ang lalaking ayaw panagutan ang kanyang responsibilidad – samantalang naiwang nagdurusa ang babae.

Isang uri ng diskriminasyon sa babae ang delikadong aborsyon

“Isang malinaw na diskriminasyon laban sa kababaihan ang pagsasailalim nito sa delikadong aborsyon samantalang mayroon namang ligtas na paraan, at hindi ito dapat hayaang mangyari.” Ito ang panawagan ng Reproductive Rights Resource Group (3RG), isang alyansa ng kababaihan at kalalakihan na nagtataguyod ng “sexual and reproductive health rights” (SRHR).

Ang “gender at rights-based framework” ng 3RG ay kaugnay sa kanilang paninindigan na “ang bawat indibidwal sa ating lipunan ay mabubuhay sa isang makataong kapaligiran na nagbibigay-halaga at tumutulong sa kababaihan na ipagtanggol ang kanilang karapatang sekswal at sa “reproductive health.”

Ang Pilipinas ay pumirma sa Convention for the Elimination of all Forms of Discrimination Against Women (CEDAW), ang pinakakomprehensibong kasunduan tungkol sa karapatan ng kababaihan. Ipinatupad ang CEDAW noong 1981, na nilagdaan din ng Pilipinas sa parehong taon.

Ang CEDAW ang pangalawang kasunduang internasyunal sa karapatang pantao na may pinakamaraming bansang nagratipika, na umaabot sa 180 gobyerno o State Parties. Ito lamang ang kasunduan na nagbibigay-halaga sa “reproductive rights” ng babae. Ayon sa Article 12 nito, “Isasagawa ang iba’t ibang hakbang na naglalayong itigil ang diskrimi-

nasyon sa babae sa larangan ng kalusugan, nang sa gayon ay magkaroon ito ng pantay na karapatan sa serbisyong pangkalusugan kasama na ang pagpapalano ng pamilya.”

Binabantayan ng 23 ekspertong myembro ng CEDAW Committee ang implementasyon ng Convention. Pilipino ang namumuno ng Committee sa kasalukuyan, si dating Ambassador Rosario Manalo. Sinusuri ng Committee ang pagsunod ng bawat State Party sa Convention kada 4 na taon.

Nilalayon ng Tripartite Research na ilabas ang sitwasyon ng diskriminasyon na kailangang bigyang-pansin. Hindi kailangang maging alternatibo ang salitang “A” ng mga babaeng nawawalan ng pag-asa dahil may karapatan silang “malayang mamili ng bilang at agwat ng kanilang mga anak at tumanggap ng impormasyon, edukasyon at iba’t ibang pamamaraan para maitaguyod ang mga karapatang ito.” (CEDAW Article 16) – 30 –